

Mga Katunayan:

Tungkol sa Sistema ng Patakaran ng Manggagawa sa May-Kapansanan

Ang Sistema ng Patakaran ng Manggagawa sa May-Kapansanan (Disability Worker Regulation Scheme) ay magsisimula sa ika-1 ng Hulyo 2020. Kabilang dito ang:

- isang Kodang Pag-aasal para sa lahat ng mga manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria
- mga kinakailangang sapilitang pag-aabiso para sa mga tagadulot ng serbisyo at manggagawa sa may kapansanan para sa pag-uulat ng mga pangamba na ang kaligtasan ay inilalagay sa peligro.
- isang nagsasariling serbisyo sa mga reklamo na mabibigyan ng ulat sa mga pangamba tungkol sa kalidad at kaligtasan ng sinumang manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria.

Tungkol sa Koda

Ang Koda ng Pag-aasal ay mahalagang kagamitan para maprotektahan ang mga taong may-kapansanan laban sa kapahamakan at pang-aabuso sa pagtatatag ng mga mga obligasyong dapat sundin ng mga hindi rehistradong manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria. Ang Koda ng Pag-aasal ay sumasaklaw sa lahat ng mga manggagawa sa may-kapansanan maging pinondohan man sila sa pamamagitan ng NDIS o iba pang mga tagadulot ng serbisyo.

Ang Mga Pangangalaga sa Serbisyo ng May-Kapansanan sa Koda ng Pag-aasal (Disability Service Safeguards Code of Conduct) (the Code) ay nakalatag sa 2020 na Mga Regulasyon ng Mga Pangangalaga sa Serbisyo ng May-kapansanan (Disability Service Safeguards Regulations 2020), na mga tuntuning ginawasa ilalim ng *Mga Batas ng Pangangalaga sa Serbisyo ng May-kapansanan 2018 (Disability Service Safeguards Act 2018)*.

Inilalagay ng Koda ang mga obligasyong dapat sundin ng mga manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria at nagbigay ng isang pamantayan para maprotektahan ang mga taong may-kapansanan laban sa kapahamakan at pang-aabuso.

Dinesenyo ang Koda para pampuno sa Balangkas sa Kalidad at Pangangalaga ng NDIS (NDIS Quality and Safeguarding Framework) para itaguyod ang isang ligtas at may kasanayang pwersa ng manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria. Tinatangkilik ng Koda ang Koda ng Pag-aasal ng NDIS (NDIS Code of Conduct), nagsusulong sa hindi pabago-bagong mga kinakailangang pag-aasal ng manggagawa sa Victoria maging ito man ay pinondohan ng NDIS o iba pang mga tagadulot ng serbisyo.

Sino ang nasasaklaw ng Koda ng Pag-aasal?

Ang Koda ay sumasaklaw sa lahat ng mga naka-employong manggagawa sa may-kapansanan o kung hindi naman ay yaong nakatakdang maghatid ng mga serbisyo sa may-kapansanan sa Victoria, walang kinalaman kung saan nagmumula ang pagpopondo.

Tungkol sa mga Pag-aabiso

Ang sinuman ay maaaring magsabi sa amin tungkol sa pinag-aalala na inilalagay sa peligro ng isang manggagawa sa may-kapansanan ang kaligtasan. Ang tawag dito ay pag-aabiso. Sa ilalim ng *Mga Batas ng Pangangalaga sa Serbisyo ng May-kapansanan 2018 (Disability Service Safeguards Act 2018)*, ang mga manggagawa sa may-kapansanan at taga-employo ay dapat mag-abiso sa Komisyon ng Manggagawa sa May-kapansanan sa Victoria (Victorian Disability Worker Commission) kung sa paniwala nila na may ginawang isang klase na maling pag-aasal ang isang manggagawa.

Itong bahagi ng Sistema ng Patakaran ng Manggagawa sa May-Kapansanan (Disability Worker Regulation Scheme) ay makakatulong sa Komisyon ng Manggagawa sa May-kapansanan sa Victoria (Victorian Disability Worker Commission) na maging may-alam sa potensyal na mga peligro sa mga gumagamit ng serbisyo ng may-kapansanan upang mas lalo naming mapahusay ang paghadlang at pagprotekta sa kapahamakan ng mga taong may-kapansanan.

Ang isang pag-aabiso ay kailangang maisagawa kung ang isang manggagawa sa may-kapansanan o taga-employo ay may tiyak na paniniwalang ang manggagawa sa may-kapansanan ay may ginawang pag-aasal na dapat i-abiso.

Visit vdwc.vic.gov.au
or call 1800 497 132

Ang Komisyon ng Manggagawa sa May-kapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay tatanggap ng mga reklamo tungkol sa mga manggagawa sa may-kapansanan sa Victoria mula ika-1 ng Hulyo 2020

Ang aming serbisyo sa mga reklamo ay nagsasarili, walang pinapanigan at walang bayad. Sa paghawak ng mga reklamo tungkol sa indibidwal na mga manggagawa sa may- kapansanan, tinatarget namin na itaguyod ang kalidad, kaligtasan, kakayahang tumugon at panatilihin ang pwersang-gawain ng may-kapansanan.

Ang boluntaryong pagparehistro ng manggagawa sa may-kapansanan ay magsisimula sa ika-1 ng Hulyo 2021

Naiintindihan namin na ang pandemyang COVID-19 ay nakakaapekto sa mga manggagawa sa may- kapansanan sa maraming magkakaibang mga pangyayari at nagdudulot ng stress at walang katiyakan sa sektor. Ang pag-aantala ng parehistro na 12 buwan ay magbibigay ng panahon sa pwersang paggawa na makabangon matapos ang krisis bago pa ulit magsagawa ng bagong sistema ng pagparehistro.

Tungkol sa Komisyon ng Manggagawa sa May-kapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission)

Ang Komisyon ng Manggagawa sa May-kapansanan ng Victoria (Victorian Disability Worker Commission) ay isang bagong nagsasariling samahan. Pinangungunahan ni Commissioner Dan Stubbs, ang gawain nito ay upang mas mahusay na maprotektahan ang mga taong may-kapansanan at magtatag ng mas malakas, mas ligtas na sektor ng may-kapansanan. Ito ang may katungkulan sa koda ng pag-aasal, pagsasagawa ng minimum na mga inaasahan para sa lahat ng mga manggagawa sa may-kapansanan para sa pagsuporta sa mga taong may-kapansanan at ang serbisyo sa pagreklamo. Kapag na-abisuhan, may kapangyarihan ito sa pag-iimbestiga at pagbawalan ang mga manggagawang inilalagay sa panganib ang kaligtasan ng mga tao.

Maging makabago

Bisitahin ang aming website vdwc.vic.gov.au
Sumali sa aming Newsletter

Sundan kami



Tumulong sa pagtatatag ng mas ligtas, mas malakas na sektor ng may-kapansanan.



Visit vdwc.vic.gov.au
or call 1800 497 132